# Elections Canada – Mga Impormasyong Gabay Para Sa Botante

## Sama-sama nating itayo ang ating kinabukasan.



*"Dito, mapipili ko ang aking kinabukasan..."*

*"Narito ang mas mabuting lugar para sa aking pamilya..."*





*“Ang aking mga anak ay magkakaroon ng maraming oportunidad dito.”*

### Bakit Kailangang Bumoto?

Ang pag-boto ay isang pangunahing karapatan natin, at tayo’y bumoboto upang magpasya kung sino ang kakatawan sa atin sa paggawa ng mga batas na pagkakasunduan natin para sa ating pamumuhay nang sama-sama.

### Tungkol Sa Ano Ang Eleksiyon/Halalan?

Sa isang halalan, **ibinoboto natin ang napipisil nating kandidato** na nasa ating distritong pang-eleksiyon. Ang kandidatong may pinakamaraming boto ang siyang nahalal.

Siya ay magiging **miyembro ng Parlamento**.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Elections Canada sa inyong lugar.
Makikita  ang kanilang numero ng telepono sa aming Web site,
o maaari ring tumawag sa aming numero para sa libreng pagtawag (toll free).

**www.elections.ca**

**1 800 463-6868 (libreng pagtawag o toll free)**

**TTY 1 800 361-8935**
**para sa mga bingi o may kahirapan sa pagdinig.**

Elections Canada

EC90238 (0404) / Tagalog/Tagalog

# Elections Canada – **Mga Impormasyong Gabay Para Sa Botante**

## Mga Salitang Kailangan Kong Malaman:

Ang **botante (elector)** ay isang mamamayan ng Canada, na kailangang di kukulangin sa labing-walong taong gulang sa pagsapit ng araw ng eleksiyon.

Ang mga **kandidato (candidates)** ang mga taong nagnanais mahalal.

Ang **listahan ng mga botante (voters list)** ang nagtatala ng pangalan ng mga tao na naka-rehistro upang maka-boto.

Tinatanggap ko ang aking **kard ng impormasyon tungkol sa eleksiyon (voter information card)** sa koreo. Kinukumpirma nito na ang aking pangalan ay nasa listahan ng mga botante, at isinasaad rin dito kung kailan at saan ako boboto.

Ang **presinto (polling station)** ay ang lugar kung saan ako pupunta upang bumoto.

Ang **opisyal na namamahala ng halalan (deputy returning officer)** ang magbibigay sa akin ng balota. Maaari rin niyang tulungan ang mga boboto kung paano mamarkahan ang mga balota.

Nilalagyan ng **kawaning panghalalan (poll clerk)** ng ekis ang aking pangalan, oras na ako ay bumoto.

Ang **balota (ballot)** ay ang papel kung saan nakasulat ang pangalan ng mga kandidato sa aking distritong pang-eleksiyon.

Ang pagboto sa Canada, ay sa pamamagitan ng **sekretong balota (secret ballot)**.

Ang **tabing sa pagboto (voting screen)** ay ang pribadong lugar kung saan sa likod nito ay minamarkahan ko ang aking mga napili sa balota.

Matapos kong markahan ang aking balota, ibabalik ko ito sa opisyal na namamahala ng halalan o 'deputy returning officer', na siyang pumipilas sa isang bahagi ng balota sa paraang hindi nabubuksan ang buong balota, at napapanatiling lihim ang aking boto. Pagkatapos ay ilalagay ko ang balota sa **kahong lalagyan ng mga balota (ballot box)**.

## Ang Halalan/Eleksiyon—Ako'y Pumipili

Kapag may eleksiyon, kailangan akong makatanggap ng **voter information card** sa koreo, na kumukumpirma na ang aking pangalan ay nasa **voters list o listahan ng mga botante**.

Mahalaga ang card na ito.

Isinasaad dito kung paano, kailan at saan ako makaboboto.

Kung hindi ako makatanggap ng aking kard, **makikipag-ugnayan ako sa Elections Canada** upang malaman kung paano maisasali ang aking pangalan sa listahan ng mga botante upang ako'y makaboto.

Malalaman ko ang **pangalan ng mga kandidato** sa pagpunta sa Elections Canada Web site na www.elections.ca sa panahon ng eleksiyon. Maaari ko ring malaman ang kanilang pangalan at mga panukala sa pamamagitan ng pakikinig sa radyo, panonood ng telebisyon, pagbabasa ng mga pahayagan, at pakikipag-usap sa mga kaibigan at ka-pamilya . Pipiliin ko ang kandidatong nais kong **kumatawan sa akin**.

## Paano ako boboto?

**May tatlong paraan kung paano ako makaboboto.**

**Maaari akong bumoto ng mauna sa tinatawag na 'advance poll.'**

Ang pagboto ng mas maaga sa 'advance poll' ay para sa mga hindi maka-boboto o kaya ay ayaw bumoto sa itinakdang araw ng eleksiyon.

Lahat ng botante ay maaaring maunang bumoto sa 'advance poll.'

Maaari kong malaman ang mga lugar at oras ng pagboto sa 'advance poll' sa aking voter information card o kard ng impormasyon tungkol sa eleksiyon o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Elections Canada sa numero ng teleponong nakasaad sa nabanggit na kard.

**Maaari akong bumoto sa pamamagitan ng espesyal na balota.**

Ang pagboto gamit ang espesyal na balota ay ginagawa sa pamamagitan ng koreo, o sa **tanggapan ng opisyal ng halalan o returning officer**, sa aking distritong pang-eleksiyon.

Maari akong makipag-ugnayan sa Elections Canada para sa karagdagang kaalaman.

**Maaari akong bumoto nang personal sa itinakdang araw ng eleksiyon**.

Sa araw ng eleksiyon, pupunta ako sa aking presinto o 'polling station' upang bumoto.

Ang petsa, oras at lugar ng pagbobotohan ay nakasaad sa 'voter information card.'

**Sa presinto o polling station**, naroon ang mesa kung saan ko makikita ang numero na katugma ng numero sa aking 'voter information card.'

Dalawang opisyal ng eleksiyon ang nasa mesa: **ang deputy returning officer** at ang **poll clerk**.

Ibibigay ko ang aking **pangalan at lugar ng tirahan** sa deputy returning officer. Karamihan sa mga tao ay nasa listahan na ng mga botante.

Kung wala ang aking pangalan sa listahan ng mga botante, **maaari pa rin akong magpa-rehistro sa araw mismo ng eleksiyon**. Maaari akong magpa-rehistro sa deputy returning officer sa lugar na aking pagbobotohan sa pamamagitan ng pagbibigay ng **patunay ng aking pagkaka-kilanlan o 'proof of identity' at tinitirhan**. Maaari rin akong magpa-rehistro sa pamamagitan ng pagbibigay ng sinumpaang salaysay tungkol sa aking pagkaka-kilanlan at tinitirhan, at sa pamamagitan ng pagsama sa akin ng isang kakilalang botante mula sa kaparehong sangay/dibisyon ng botohan, na magpapatunay ng aking pagkaka-kilanlan.

Lalagyan ng poll clerk ng **ekis ang aking pangalan** sa listahan ng mga botante, patunay na ako ay nakaboto na.

Ako ay bibigyan ng deputy returning officer ng balotang naka-tiklop.

**Maaari rin niya akong tulungan** kung ako may katanungan sa pagma-marka ng aking balota.

Maari rin akong magsama ng kaibigan o ka-pamilya sa lugar ng pagbobotohan upang ako'y tulungang bumoto.

**Pupunta ako sa likod ng tabing sa pagboto o voting screen**. Doon, walang makakakita kung sino ang aking iboboto.

**Mamarkahan ko ng ekis** (X) ang loob ng bilog na nasa tabi ng pangalan ng kandidatong aking iboboto.

**Ititiklop ko ang aking balota** upang manatiling sikreto ang aking boto.

Dadalhin ko ang aking nakatiklop na balota sa deputy returning officer, at **pipilasin niya ang 'tab' nito**.

Ibabalik sa akin ng opisyal ang aking balota.

**At ihuhulog ko ito sa kahon ng mga balota.**

